

Para sa mga magulang/tagapag-alaga 保護者各位,

Alkalde ng Lungsod ng Toyohashi: Mayor Asai Yoshitaka

豊橋市長 浅井由崇

**Tungkol sa Pagbabawas ng Pasanin ng mga Magulang /Tagapag-alaga sa mga
Gastusin sa School Lunch**

学校給食費の保護者負担の軽減等について

Isang magandang pagbati po sa inyong lahat. Upang masuportahan ang henerasyong nagpapalaki ng bata, ang kalahating halaga sa tanghalian ng paaralan ay patuloy na sasagutin ng munisipyo sa pamamagitan ng pampublikong pondo upang mabawasan ang pasanin ng mga magulang/tagapag-alaga.

1. Kalahating bawas sa presyo ng tanghalian sa paaralan

(1) Target na mga mag-aaral

Mga mag-aaral na nakarehistro ang address sa lungsod ng Toyohashi at pumapasok sa mga elementary at junior high school o KUSUNOKI Special Needs School (elementary at junior high school).

Halaga ng bayarin sa school lunch

(bawat 1 serving)

Classification		Babayaran ng mga magulang①	Babayaran ng Munisipyo②	Ingredients ①+②
Elementary school, Special Needs School (elem.)	Buong tanghalian (main dish, side dish, gatas)	¥ 150	¥ 150	¥ 300
	Walang gatas (main dish, side dish)	¥ 117	¥ 118	¥ 235
	Gatas lang (walang main dish, side dish)	¥ 32	¥ 33	¥ 65
Junior high school, Special Needs School (junior h.s.)	Buong tanghalian (main dish, side dish, gatas)	¥ 175	¥ 175	¥ 350
	Walang gatas (main dish, side dish)	¥ 142	¥ 143	¥ 285
	Gatas lang (walang main dish, side dish)	¥ 32	¥ 33	¥ 65

2. Subsidy para sa pagbabawaas ng pasanin sa gastusin sa tanghalian sa paaralan

Bilang karagdagan sa pagbabawas ng kalahati sa bayarin sa tanghalian sa paaralan, magbibigay ng "School Lunch Cost Reduction Subsidy" sa mga magulang ng mga bata na hindi kumakain ng tanghalian sa paaralan dahil sa mga allergy sa pagkain, atbp. Magbibigay ng hiwalay na mga detalye ng mga pamamaraan, tulad ng mga karapat-dapat na mag-aaral at kung paano mag-apply.

3. Tungkol sa pagpapatupad ng tanghalian na walang kasamang gatas(milk-free lunch) at gatas lamang(milk only)

Sa lungsod ng Toyohashi ay nagbibigay sa mga paaralan ng isang kumpletong tanghalian [main dish, side dish at gatas] batay sa pangkalahatang tuntunin, subalit nag-aalok din ng tanghalian na "walang gatas" (*milk-free lunch*) at "gatas lamang" (*milk only*) para lamang sa mga mag-aaral na may dahilan tulad ng allergy sa pagkain o iba pang mga kadahilanan. Upang makatanggap ng "walang gatas" o "gatas lamang" meal ay kailangang magsumite ng isang "School Lunch Classification Change Notification". Kumonsulta po lamang sa paaralan tungkol dito.

4. Tungkol sa hakbang sa oras na may papalapit na bagyo, atbp.

Kung naglabas ng babala sa bagyo o isang babala sa niyebe/snow, walang pasok sa paaralan. Kung may posibilidad na ang isang babala sa bagyo o isang babala sa niyebe/snow ay maaaring maisyu dahil sa paparating na bagyo, atbp, maaaring magpasya nang maaga na ihinto muna ang school lunch. Bilang isang pangkalahatang tuntunin, makikipag-ugnay ang paaralan hinggil sa pagkansela ng school lunch tulad ng sumusunod.

Araw na kanselado ang tanghalian	Lunes	Martes	Miyerkules	Huwebes	Biyernes
Araw ng abiso galing sa paaralan (Kapalit na araw kung sakaling walang pasok sa araw ng abiso)	Biyernes ng nakaraang linggo (Huwebes ng nakaraang linggo)	Lunes (Biyernes ng nakaraang linggo)	Lunes (Martes)	Martes (Miyerkules)	Miyerkules (Huwebes)